



Inilulunsad ng Brampton Transit ang bagong PRESTO loyalty program

BRAMPTON, ON (Hulyo 3, 2020) – Sa Lunes, Hulyo 6, inilulunsad ng Brampton Transit ang isang loyalty program na nagpapahintulot sa mga customer na magkamit ng mga libreng pagsakay kapag nagbayad sila ng pamasaha gamit ang kanilang PRESTO card.

Kapag ang mga rider ay nagbabayad para sa 12 biyahe sa Brampton Transit sa yugto na isang linggo mula Lunes hanggang Linggo gamit ang kanilang balanse sa PRESTO card, ang bawat biyahe pagkatapos noon ay libre sa loob ng linggong iyon.

Ang loyalty program ay isang bago at nagbibigay-gantimpala na paraan sa pagbibiyahe para sa mga rider ng Brampton Transit, na humihikayat ng contactless na mga pagbabayad. Ang lahat ng rider ay maaaring magkamit ng mga libreng biyahe anuman ang kanilang edad, dahil ang program ay mailalapat sa lahat ng mga kategorya ng pamasaha. Ang mga paglilipat at mga pamasaha na nabayaran sa ibang mga service provider ng transportasyon at ang may GO co-fare payments ay hindi kasali sa program na ito. Magagamit pa rin ang lingguhang passes.

Ang mga rider na gumagamit pa rin ng cash para bayaran ang kanilang mga trip ay hinihikayat na kumuha ng PRESTO card mula sa isang counter ng Customer Service. Para sa limitadong panahon lamang, ang bayad na \$6 sa PRESTO card ay tinatanggal – isang card para sa bawat customer. Ang mga Customer Counter sa mga transit terminal, maliban sa gusali ng Trinity Common Terminal, ay bukas

Mga pangkaligtasang pamamaraan sa COVID-19

Nananatiling ginagawa ang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga surface, mga compartment at mga upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize kada 24 oras.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na panatilihin ang paglayo mula sa iba sa mga terminal, at sa mga bus stop, kahit na nakasuot ng mask, hangga't maaari. Pinaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang personal na disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes, kapag nagbibiyahe, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko. Kung may sakit ka, iwasan ang pagsakay sa transit, magpasuri sa pinakamalapit na site na pwedeng sumuri kung may COVID-19 at sundin ang mga tagubilin ng public health.

May patnubay mula sa Peel Public Health, pinaalalahanan ang mga rider na ang mga hindi medikal na mask ay mandatory sa mga bus at mga terminal. Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update ng serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Center ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca